

Gifu Prefecture Compliance Fund upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 (4th) Kaugnay sa Pagpapaikli ng Business Operating Hours Implementation Outline

1. Outline

Ang Compliance Fund (4th) ay ibibigay sa mga business operators na sumunod ng lubos sa kahilingan na paikliin ang business hours sa buong panahon na hinihiling ng prepektura, upang makontrol ang pagkalat ng COVID-19 na lumalawak araw-araw.

2. Proseso ng Aplikasyon

Ang aplikasyon para sa Compliance Fund (4th) ay para sa mga tumutugon sa alinman criteria natugunan ang mga kondisyon.

① Ang mga business operators ay dapat na nakipagtulungan sa mga sumusunod na kahilingan.

Mangyaring tandaan na maaaring may mga pagbabago tulad ng pagpapaikli ng panahon ng kahilingan at / o pagbabago sa halaga ng Compliance Fund na nabayaran kung may mga pagbabago sa Government's Basic Measures Guidelines sa panahon ng kahilingan.

- Panahon ng Kahilingan: Pebrero 8, 2021 (Lunes) ~ Marsro 7, 2021 (Linggo)
- Target na Business : Kainan o inuman na nagsisilbi ng Alak
 - ※ (kabilang ang Izakayas) at mga cafes atbp.,
(hindi kasama ang delivery at take-out services atbp.,)
 - Entertainment facilities atbp.,
 - ※ mga bar, karaoke box, atbp, na may business permit alinsunod sa Food Sanitation Law (hindi kasama ang mga pasilidad tulad ng internet at manga cafe kung saan inaasahan na ang pananatili magdamag ay isang makatuwiran at karaniwang dahilan para magamit ang mga pasilidad).
- Detalye ng Kahilingan : Ang business hours ay pinaikli mula 5:00AM hanggang 8:00PM
(Gayunpaman, ang alkohol ay dapat lamang isilbi mula 11:00 hanggang 7:00)

② Ang business branch ay naka address sa Gifu Prefecture.

③ May Business Permit na natanggap na nauugnay sa pagpapatakbo tulad ng mga kinakailangan para sa uri ng negosyong ito.

④ Ang negosyo ay isang negosyo sa kainan at inuman, o Entertainment Facility na nagpapatakbo sa pagitan ng 20:00 (8:00 PM) at 5:00 AM bago ang panahon ng kahilingani.

⑤ Ang aplikante ay may awtoridad na magpasya ng business hours, business operation atbp, ng target na business branch.

⑥ Sa kaso ng mga kainan at inuman na may entertainment (tulad ng mga hostess o host clubs), karaoke, at live house, dapat nakagawa at nagsumite ng Infection Prevention Measures Manual na nakumpirma

- ⑦ Walang mali o panlilinlang sa aplikasyon para sa naunang "Compliance Fund (4th) upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19".
- ⑧ Walang sinuman sa mga namamahala ng negosyo ay miyembro/ konektado sa criminal gang/ organization (boryokudan).
- ⑨ Ang applicant ay hindi indibidwal o korporasyon na nago-operate ng business na na-identify ng gobernador bilang isang lugar kung saan ang cluster ng COVID-19 ay naganap sa panahon mula Enero 11, 2021 (Lunes/ holiday) hanggang sa petsa kung kailan madesisyonan mabigyan ng compliance fund.
- ⑩ Ang negosyo ay dapat na nakakuha ng isang " Sticker for Business Branches Implementing COVID-19 Measures" na mahigpit na sumunod sa Mga Alituntunin para sa Bawat Uri ng Negosyo at " Behavior Guidelines for Living Through COVID-19 Society". (※ Ito ay isang bagong kundisyon na hindi naka-attach sa mga naunang Compliance Funds)

3. Halaga

¥1,680,000 bawat business branch

Dagdag dito, maaaring may mga pagbabago tulad ng pagpapaikli ng panahon ng kahilingan at / o pagbabago sa halaga ng Compliance Fund na nabayaran kung may mga pagbabago sa Government's Basic Measures Guidelines sa panahon ng kahilingan.

4. Panahon ng Pagsumite ng Application

Sa kasalukuyan ay hindi pa ito napagpasyahan at ipapahayag sa hinaharap

5. Gifu Prefecture Compliance Fund upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 (4th)

"Gifu Prefecture Compliance Fund (4th) Consultation Center (Call Center)":

TEL: 058-272-8192 (9:00AM hanggang 17:00PM)

I-check ang homepage ng Gifu Prefecture para sa iba pang mga detalye (wikang Hapon lamang).

<https://www.pref.gifu.lg.jp/site/covid19/122433.html>